

PANG-URI

Halimbawa ng Pang-uri, Uri ng
Pang-uri, Kaantasan,
Kayarian, Gamit, at Kailanan



Isa sa mga bahagi ng pananalita ang pang-uri. Ang pahinang ito ay naglalaman ng iba't ibang kaalaman patungkol sa kung ano ang pang-uri, mga uri ng pang-uri, kaantasan, kayarian, kailanan at gamit nito.

Tatalakayin din natin ang mga halimbawa ng pang-uri at kung paano ito gamitin sa pangungusap.

Ano ang Pang-uri?

Ang mga pang-uri o adjectives sa Ingles ay salitang nagbibigay turing o naglalarawan sa isang pangngalan o panghalip. Ito ay nagsasaad ng uri o katangian ng tao, bagay, hayop, pook, o pangyayari.

Mga Halimbawa ng Pang-uri sa Pangungusap

Narito ang sampung (10) halimbawa ng pang-uri sa pangungusap.

1. Ang ilog sa amin ay *madumi*.
2. *Masaya* ang mga bata habang naglalaro ng taguan.
3. Ang *matandang* lalaki ay nagtitinda ng balot.
4. *Mataas* ang puno ng mangga na inakyat ko.
5. Ang rosas ay kulay *pula*.
6. *Mapait* ang ampalaya.
7. Si Janice ay *matalino*.
8. *Maputi* ang balat ni Anne.
9. Si Lovely ay *mataba*.
10. Siya ay *masipag* na bata.

Uri ng Pang-uri

May tatlong (3) uri ng pang-uri: ang panlarawan, pantangi, at pamilang.

1. Pang-uring Panlarawan

Ito ay nagpapakilala ng uri o kabagayan ng isang pangngalan o panghalip. Nagsasaad ito ng laki, kulay, anyo, amoy, tunog, yari, lasa, o hugis.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Panlarawan sa Pangungusap

- *Malaki* ang katawan ni Arnold.
- *Itim* ang kulay ng buhok ni Pinky.
- Ang dagat ay *malawak*.
- *Malinis* ang ilog sa Bicol.
- Ang tambakan ng basura ay *mabaho*.

2. Pang-uring Pantangi

Sinasabi ng pang-uring pantangi ang tiyak na pangngalan. Binubuo ito ng isang pangngalang pambalana at isang pangngalang pantangi.

Ang pangngalang pantangi na nagsisimula sa malaking titik ay naglalarawan o tumutukoy sa uri ng pangngalang pambalana.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pantangi sa Pangungusap

- Niyakap na natin ang *wikang Ingles*.
- Ipagmalaki natin ang *kulturang Pilipino*.
- Ang *pagkaing Bikolano* ay dapat matikman mo.
- May kaibigan akong *lalaking Amerikano*.
- Bumili ka ng *sukang Ilocos*.

3. Pang-uring Pamilang

Nagsasabi ito ng bilang, dami, o posisyon sa pagkakasunod-sunod ng pangngalan o panghalip.

Mayroon itong anim (6) na uri ang pang-uring pamilang: ang patakaran, panunuran, pamahagi, pahalaga, palansak, at patakda.

A. Patakaran o Kardinal

Ito ang mga likas na bilang na pinagbabatayan ng pagbibilang. Nagsasaad ito ng aktuwal na bilang ng tao o bagay.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Patakaran)

- *Isa* ang pinya sa lamesa.
- *Walo* ang aso ni Rudy.
- *Labing isa* ang pumasok ngayon.
- May *apat* na lalaking sumusunod kay Adelle.
- Ang bola ko ay *dalawampu*.

B. Panunuran o Ordinal

Nagsasaad ito ng pagkakasunod-sunod ng pangngalan o posisyon ng tao o bagay. Sinasabi din nito kung pang-ilan ang tao o bagay sa pangungusap.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Panunuran)

- Si Raymond ang *pangatlo* sa pila.
- Ang Pilipinas ang *una* sa may pinakamagandang dagat sa Asya.
- Ako sana ang *ikalawa* sa klase kung hindi ako lumiban at nagkasakit.
- Si Browni ang *ika-apat* kong aso.
- Mula dito ay *panglima* ang bahay namin.

C. Pahalaga

Pera ang tinutukoy dito. Nagsasaad ito ng halaga ng bagay o anumang binili o bibilhin.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Pahalaga)

- Pabili po ng sampung pisong kendi.
- Nakatanggap ako ng *sampung libong pisong* bonus ngayong pasko.
- Kumita ako ng *walong daang piso* ngayong araw.
- Mayroon akong *isang libong piso*.
- Nay, pahingi po ng *limang piso*.

D. Pamahagi

Ginagamiti ito sa pagbabahagi o pagbubuklod ng ilang hati sa kabuuan.

Kung minsan ay ginagamitan ito ng unlaping *tig-* para sa pantay na pamamahagi o kapag ang bilang ng bagay na ibinigay o natanggap ay pare-pareho.

Mayroong anyong bahagimbilang o hating-bilang din ang pamahaging pamilang. Maaaring gamitin ang mga salitang bahagdan, persentahe, o porsiyento.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Pamahagi)

- Kumuha kayo ng *tig-dalawang* tinapay ng kapatid mo.
- *Kalahating* kilo ang bilhin mong bigas.
- Nakakuha ako ng *sampung porsentong* bawas sa bag na binili ko.
- Nakakuha ng *tig-isang* bahay sa Bulacan sina Sussy at Susan.
- May *tig-limang* tsokolate kayo ni Pam galing kay Mimi.

E. Palansak

Tinutukoy nito ang bilang na bumubuo ng isang pangkat ng tao o bagay na pinagsama-sama. Ito'y grupo o maramihan at inuulit ang unang salita nito o kaya ay nilalagyan ng panlaping *han/an*.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Palansak)

- *Dosehan* ang laman ng van.
- *Sampu-sampu* lang ang tumpok ng kamatis.
- Kaunting siksik pa po dahil *animan* 'yan.
- *Dose-dosena* kung mangitlog ang pato ni Kiko.
- *Isa-isa* lang ang kuha ng lumpia.

F. Patakda o Tiyak na Bilang

Nagsasaad ito ng tiyak na bilang ng pangngalan. Ang bilang na ito ay hindi na madadagdagan o mababawasan pa.

Ang pag-uulit sa unang pantig ng salitang bilang ang palatandaan nito.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Pamilang sa Pangungusap (Patakda)

- *lisa* lang ang ating lahi at lipi.

- *Dadalawa* ang dala kong panyo.
- *Tatatlo* ang binili kong itlog.
- *Aapat* ang kasama sa piknik.
- *Lilima* ang pupunta sa pulong.

Kaantasan ng Pang-uri

May tatlong (3) antas o kaantasan ng pang-uri: ang lantay, pahambing, at pasukdol.

1. Lantay na Pang-uri

Naglalarawan ito ng isa o payak na pangngalan o panghalip na walang pinaghahambingan.

Mga Halimbawa ng Lantay na Pang-uri sa Pangungusap

- Ang lapis ay *maliit*.
- *Maganda* ang lugar na pinuntahan namin.
- *Mataba* ang batang si Baste.
- Si Faith ay *maputi*.
- Ang damit na suot mo ay *kupas* na.

2. Pahambing na Pang-uri

Ginagamit ito sa pagtutulad ng dalawang pangngalan o panghalip.

A. Pahambing na Magkatulad

Ipinakilala nito ang magkapantay na katangian ng dalawang bagay na pinaghahambingan. Ginagamitan ito ng mga panlaping *ka-*, *ga-*, *sing-/kasing-*, *magsing-/magkasing-*.

Mga Halimbawa ng Pahambing na Pang-uri sa Pangungusap (Magkatulad)

- *Magsinglaki* kayo ni Joan.
- *Kasingwapo* mo si Enrique Gil.
- *Magkasingbait* kayo ni Remy.
- *Singlakas* ni Jeric si Samson.
- *Magsinghaba* ang lapis ko at lapis mo.

B. Pahambing na Di-Magkatulad

Ipinakilala nito ang di-magkapantay o di-patas na paghahambing. Maaari itong nagbibigay ng diwa ng pagkakait, pagtanggì o pagsalungat.

- **Pahambing na Palamang** – Ito ay may katangiang nakahihigit sa pinaghahambingan. Ginagamitan ito ng mga salitang *higit*, *mas*, *di-hamak*, at *lalo*. Tinutulungan din ito ng mga salitang *kaysa* o *kaysa kay*.

- **Pahambing na Pasahol** – Ito ay may katangiang kulang o kapos sa pinaghahambingan. Tinutulungan ito ng mga salitang *di-gaano*, *di-tulad ni* o *di-tulad ng*, *di-gasino*, *di-masyado*, at marami pang iba.

Mga Halimbawa ng Pahambing na Pang-uri sa Pangungusap (Di-Magkatulad)

- Si Laura ay *di-hamak na mas maganda* kaysa kay Leonora.
- Ang buhok ni Charity ay *mas mahaba* kaysa kay Angel.
- Ang baon mo ay *higit na masarap* kaysa akin.
- *Di-gaanong mataas* ang gusali sa Laguna kaysa Makati.
- Ang bahay namin ay *di-masyadong makulay* kumpara sa bahay ni Sandy.

3. Pasukdol na Pang-uri

May katangian itong namumukod o nagngingibabaw sa lahat ng pinaghahambingan. Maaari itong negatibo o positibo. Masidhi ang paglalarawan dito kaya maaaring gumagamit ng mga salitang *sobra*, *ubod*, *pinaka*, *tunay*, *talaga*, *saksakan*, at kung minsay pag-uulit ng pang-uri.

Mga Halimbawa ng Pasukdol na Pang-uri sa Pangungusap

- *Sobrang talino* ng batang ito.
- Ang *laki-laki* ng pakwan na binili ko.
- Si Terry ang *pinakamalakas* kumain sa amin.
- *Ubod ng ganda* ang dalagang si Ara.
- *Pinakamabait* sa magkakapatid si Baste.

Kayarian ng Pang-uri

Mayroong apat (4) na kayarian ng pang-uri: ang payak, maylapi, inuulit, at tambalan.

1. Payak

Ito ang pinakasimpleng anyo ng pang-uri. Binubuo ito ng salitang-ugat lamang.

Mga Halimbawa ng Payak na Pang-uri sa Pangungusap

- Ang bunga ng atis ay *hinog* na.
- Kunin mo ang *basang* basahan sa labas.
- Ang *taas* ng gusaling ito.
- Si Mila ay *payat*.
- Ang *tigas* ng ulo mo.

2. Maylapi

Ang mga pang-uri ay binubuo ng salitang ugat at panlapi.

Mga Halimbawa ng Maylapi na Pang-uri sa Pangungusap

- Ang bata ay *mataba*.
- Si Julie ay *mabait*.
- Siya ay may *malaking* pamilya.
- *Masarap* ang sopas na niluto ni Nanay.
- Ang damit ni Rita ay *mabango*.

3. Inuulit

Binubuo ito sa pamamagitan ng pag-ulit ng buong salita o bahagi ng salita.

Mga Halimbawa ng Inuulit na Pang-uri sa Pangungusap

- Ang *lilit* ng aso na bigay ni Dexter.
- *Malaking-malaki* ang bahay na gusto ko.
- Ang *puti-puti* ng ngipin ni Marian.
- *Kaakit-akit* ang lugar nila.
- *Araw-araw* kami maligo sa sapa.

4. Tambalan

Binubuo ito ng dalawang magkaibang salitang pinagsama o pinagtambal na maaaring magkaroon ng pangalawang kahulugan.

Mga Halimbawa ng Tambalan na Pang-uri sa Pangungusap

- Si Minda ay *kapit-tuko* sa kanyang nobyo.
- *Lakad-pagong* naman 'yang si Badong.
- Si Nicole ay *bores-ipsis*.
- Ang kaibigan ko ay *balat-sibuyas*.
- Si Cardo ay parang *utak-matsing*.

Gamit ng Pang-uri

May apat (4) na gamit ng pang-uri: bilang panuring ng pangngalan, bilang panuring sa panghalip, pang-uring pangngalan, at bilang kaganapang pansimuno o panaguri.

1. Bilang Panuring ng Pangngalan

Binibigyang paglalarawan sa pangungusap ang simuno o paksa nito.

2. Bilang Panuring sa Panghalip

Ang mga salitang ipinampalit sa pangngalan o mga panghalip ang binibigyang paglalarawan sa loob ng pangungusap.

3. Pang-uring Pangngalan

Ang paksa o simunong pinag-uusapan ay siyang pang-uring ginamit sa pangungusap.

4. Bilang Kaganapang Pansimuno o Panaguri

Dito ay binibigyang paglalarawan ang paksa o simuno upang maging ganap ito.

Kailanan ng Pang-uri

May tatlong (3) kailanan ang pang-uri: ang isahan, dalawahan, at maramihan.

1. Isahan

Ito ay tumutukoy sa iisang inilalarawan. Nagpapakilala ito sa tulong ng mga panghalip na isahan at maaaring gamitan ng panandang *ang* o *si*.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Isahan sa Pangungusap

- Ang bola ay *bilog*.
- Si Mikay ay *mahinhin*.
- Ang papaya ay *matamis*.
- Si Len-Len ay *mabait*.
- Ang luto ko ay *masarap*.

2. Dalawahan

Ito ay tumutukoy sa higit sa isang inilalarawan. Maaari rin itong gamitan ng panlaping *magsing-*, *magka-*, *magkasing-*, at marami pang iba.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Dalawahan sa Pangungusap

- *Parehong maganda* sina Vicky at Vilma.
- *Magsingputi* sina Mark at Marco.
- *Magkasingtaas* sina Jacky at Jamie.
- *Kapwa matalino* sina Rudy at Nestor.
- *Magkasinggaling* sumayaw sina Mori at Sara.

3. Maramihan

Ito ay ginagamitan ng panandang pangmaramihan tulad ng *mga*. Ginagamitan din ito ng pang-uring pamilang na maramihan tulad ng *tatlo*, *sampu*, *sandaan*, at marami pang iba pa.

Maaari rin itong gamitan ng pang-uring inuulit ang unang pantig ng salitang ugat tulad ng *magaganda*, *ang yayaman*, at kung anu-ano pa.

Mga Halimbawa ng Pang-uring Maramihan sa Pangungusap

- Ang *dami-daming* dahilan ni Nina.
- *Magaganda* ang mga anak ni Lita.

- *Malalakas* ang mga kapatid ko.
- *Tatlong dosena* ba ang ilog na hawak mo?
- Ang mga bata ay *malulusog*.

You May Also Like

